A pastoral reflection of the Diocese of Balanga on present day situation

to protect and to serve

Hindi ninyo tiyak na makakalimutan sapagkat ito ay itinuro sa inyo at inyo rin sinumpaang tutuparin. Iyon din ang palagi naming nakikita at nababasa sa nakasulat sa inyong mga sasakyan. Ano po iyan? lyan ang inyong nararapat gawin. At amin rin pinanaligan. Ito ang inyong pananagutan sa amin: "*to protect and to serve*."

Mga salita na nagbibigay sa amin ng kapanatagan ng kalooban. Mga kataga na nagsasalarawan ng kaligtasan. Mga kautusan, higit pa sa *hugot lines* na nag-iiwan sa amin ng katiyakan na kami ay iingatan, maaalagaan at walang kapahamakan magaganap sa amin. Ito nga ba ang nagyayari sa ngayon? Iyan ba ang amin ngayon nararamdaman sa atin panahon? At ito ba ay tunay ninyong ginagampanan?

Bakit kaya kapag kayo ay dumarating o kakatok, kami ay kinakabahan at natatakot? Kung dumarating ang inyong mga *patrol cars*, bakit ang pumapasok sa amin isipan ay pagtatanong kung saan ang barilan, o ilan kaya ang napaslang?

Masakit isipin na nawawala ang pagtitiwala. Nakapaghihinayang na nakaligtaan na ang tunay na kahulugan ng mga salitang "*to protect and to serve*."

Mangyari pa sa pamamagitan ng liham-pastoral na ito ng aming Diyosesis ng Balanga nais namin pagnilayan nating lahat ang nararapat na kahulugan ng "*to protect and to serve*."

To protect

Bilang pangangalaga, ito ay pagkalinga, isang pag-aalaga. Ang pangangalaga ay nangangahulugan na walang masamang mangyayari, walang mananakit at walang masasaktan. Dahil sa pangangalaga, tayo ay magiging maingat at maging ano o sino man ay ating iingatan. Kung baga sa gamit ay hindi masisira, hindi mawawala at hindi masasayang. At para sa tao hindi masisira ang kinabukasan, hindi mawawalan at patuloy na mabubuhay na mapayapa at matagumpay. *To protect is to do what Jesus asked from Peter, "look after my sheep*" (John 21,16).

Bilang pangangalaga, ito ay pagliligtas. Sa mithiin na pangalagaan ang gamit o higit sa lahat ang buhay ay tanggalin ang mga bagay na magdudulot sa mga ito ng kapahamakan. Alisin ang mga panganib na magiging daan ng kanyang pgkakamali at pagkakasala.

Tunay na tayo ay nangangalaga sa atin nasasakupan kung sa pamamagitan natin sila ay ligtas sa lahat ng bagay. Dahil sa atin ay nagiging maganda at mabuti ang kanilang buhay. At buhay at nabubuhay sila ng matiwasay at maayos. *To protect is to preserve and promote life as*

what Jesus reminds us "the thief comes to steal and kill and destroy, but I have come that they may have life, life in all its fullness" (John 10,10).

Sino ang nararapat na kalingain o alagaan? Sino ang karapat- dapat na iligtas o unahin na ingatan? Sino pa kundi iyon walang kapangyarihan, yun nasa ibaba ng lipunan, iyun mahihina. *You don't have to protect those in power and those who hold higher positions. Your mandate to protect goes beyond political party affiliations, nor your very own self. It is the people, especially those whom the society considers least and lost, unknown and underprivileged. To protect is maintain peace and order. To protect is preserve life and to preserve human rights. In simple term to protect is to live and to let live.*

To serve

Bilang paglilingkod, ito ay pagbibigay ng panahon, ng kagalingan at ng kakayahan sa abot ng makakaya. Isang paglilingkod na dumating at dumamay, makiisa at kumilos para sa kapakanan ng nangangailangan, nawalan o nasaktan. *The mandate to serve is to help and not to harm; to share and not to extort; to assist and not to burden anyone. Jesus asked us "be like the Son of Man who has come, not to be served but to serve and to give his life to redeem many*" (Matthew 20,28).

Bilang paglilingkod, ito ay pagsasagawa ng mabuti, ng tama at ng maganda para sa isa't isa. Isang paglilingkod na ang ating unang iisipin at gagawin ay para sa kaginhawahan, para sa kagalingan, at sa kaligtasan ng iba. *To serve is not self-serving. The mandate to serve is graciously and generously given. When there is any motive of personal interest or career advancement it is no longer service. If it is for any monetary benefits, your duty to serve is tainted and compromised. Let us remember then that to serve is not and should never be for sale.*

So protect those entrusted to your care with heroism and morally. And serve us your people with honor and dignity. That is what your calling and mandate to protect and to serve are all about.

Our Church is a mother. A mother always speaks and teaches. She cannot be silent with what is happening now. And the Church is speaking to her children, teaching us what we have to do, telling us to reflect and to relive the real meaning of the mandate to protect and to serve.

Our Church as a mother accepts and welcomes all, her children. She always cares and has compassion for all. Even her erring sons and daughters can turn and experience her maternal protection. Not only she will protect you, but much more she preserves life and promotes your human rights. Our Church as a loving and forgiving mother, who serves you always, also wants you to be safe and be saved.

✠Ruperto Cruz Santos, DD
Bishop of Balanga and CBCP Permanent Council member